**Journal of Multidisciplinary in Education|ISSN 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 **|** Issue 3 AUGUST 2025

**LEADING PRACTICES IN EDUCATION: COMPENDUIM OF RESEARCH ON STRATEGIES INTERVENTION AND EDUCATOR WELL-BEING**

# Antas sa Paggamit ng Integrasyon sa mga Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino sa Tersyarya

**Dr. Carina R. Sancon**
carina.sancon@lapu.edu.ph

***Abstract –*** *This study examines the integration of teaching strategies in Filipino instruction and how such integration contributes to improving student performance. Conducted at the Laguna State Polytechnic College during the Academic Year 2021–2022, the research focused on three specific strategies: thematic teaching, content-based instruction, and focusing inquiry. By employing a descriptive research design, the study aimed to determine how effectively these strategies are applied and their impact on students' academic outcomes.*

*Findings revealed a significant improvement in student achievement, as shown by the difference between pre-test and post-test results. This suggests that the integration of varied instructional approaches positively influences academic performance. Additionally, the study found a strong link between teachers' educational attainment and teaching experience and their ability to implement these strategies effectively. Despite these encouraging outcomes, challenges remain in the practical application of integrated instruction. Among these are teachers' limited knowledge or training in integration techniques, the lack of suitable instructional resources, and instances where a teacher's academic specialization does not align with the subject being taught.*

*Overall, the study highlights the importance of strategic integration in teaching practices and its potential to enhance learning in Filipino education, while also drawing attention to the systemic and instructional challenges that need to be addressed for sustained improvement.*

***Keywords –*** *strategy, integration*

## INTRODUCTION

Ang pagtuturo ay isang gawaing masalimuot at maraming anyo. Kinapapalooban ito ng napakaraming ideya at iba't ibang mga pamamaraan. Gayunpaman, ang mga guro ay dapat pumili ng mga pamamaraan na pinakamainam na makatutulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga nilalaman, doktrina, at alituntunin ng isang partikular na paksa.

Ayon kay Tolentino (2020), ang integradong pagtuturo ay isang pamamaraan ng pagtuturo kung saan may pagkakaisa sa paksa o tema ang mga asignatura o kung saan ang tuon ng lahat ng asignatura ay nasa isang sentral na ideya. Hindi tininitingnan ng mga mag-aaral ang daigdig at mga bagay-bagay dito sa mata ng iisang disiplina o sangay ng pag-aaral. Tumatawid o bumabagtas ito sa iba't-ibang disiplina kung kaya't nagiging pag-

aaral gamit ang maramihang disiplina o multi-disciplinary.

Isang malaking hamon sa isang mag-aaral ang higit na maging masigasig sa pagkatuto kung ang paglalahad at pagtalakay ng isang aralin mula sa iba't ibang larang gamit ang wikang Filipino gayundin ang ginagamit na estratehiya upang magpapalalim sa pag-abot niya ang inaasahang kompentensiya.

Layunin ng pananaliksik na ito na alamin ang mga dulog na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo at ang bisa nito nang sa gayon ay malaman kung malaki ang kaugnayan nito sa perpormans ng mga mag-aaral. Sa pag-alam ng mga dulog na gamit ay matutukoy ang mabisang estratehiya na dapat gamitin sa mga mag-aral, upang makapaglahad ng mga pagsasanay o seminar sa mga guro.

## Objectives of the Study

Layunin ng pag-aaral na ito na matiyak ang bisa ng mga gagamiting estratehiya sa pagtuturo gamit ang integrasyon tulad ng estratehiyang thematic, content-based, at focusing inquiry.

Upang matugunan ang pangunahing layuning ito, sasagutin ng pananaliksik na ito ang sumsusunod:

1. Ano ang profayl ng guro batay sa:
   a. naabot na edukasyon
   b. major/minor
   c. taon ng pagtuturo
   d. training/seminar na nadaluhan?
2. Ano ang antas ng paggamit ng integrasyon sa mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino ayon sa mga tagatugon:
   a. thematic
   b. content-based
   c. focusing inquiry?
3. May makabuluhan bang pagkakaiba ang antas ng paggamit ng integrasyon sa estratehiya sa pagtuturo ng mga guro ayon sa kanilang pagkagrupo batay sa kanilang profayl?
4. Ano ang suliranin ng mga guro sa paggamit ng integrasyon?
5. Ano ang antas ng bisa ng paggamit ng integrasyon sa pagtuturo ng mga guro upang mapaunlad ang performans ng mga mag-aaral batay sa paunang pagsusulit at panapos na pagsusulit?

## METHODOLOGY

Gumamit ng Cross Sectional Design (quantitative/descriptive) ang pananaliksik. Gagamit ng deskriptibong metodolohiya ang pag-aaral. Napili ng mananaliksik na gamitin ang "Descripitive Survey-Research Design" na gumagamit ng talatanungan (survey

questionnaire) para makalikom ng mga datos. Naniniwala ang mananaliksik na angkop ang disenyong ito upang mapadali ang pangangalap ng datos mula sa mga respondente na tutukoy sa antas ng paggamit ng integrasyon gamit ang mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Limitado lamang ang bilang ng mga tagasagot sa mga talatanungan, nguit ang uri ng disenyong ito ay hindi lamang nakadepende sa dami ng sasagot at lalahok sa pag-aaral. Lubos na nauunawaan ng mananaliksik na nababagay ang disenyong ito sa pag-aaral kung saan maaaring magkaroon din ng di-pormal na pakikipanayam at obserbasyon upang makadagdag sa pagkalap ng mga datos at impormasyon.

Upang matukoy ang performans ng mag-aaral, gagamit ng pauna at panapos na pagsusulit. Ang pamamaraang ito ay nasa disenyong pre-experimental.

Ang kakayahan ng mga mag-aaral gamit ang integratibong pagkatuto ay susuriin batay sa paglalapat ng mga estratehiyang thematic, content-based at focusing inquiry.

Ayon kina Parpan at Obiña (2018), sa paggamit ng metodong eksperimental, binibigyang pansin dito ang mga pangkasalukuyang kalagayan ng isang estado na nais siyasatin. Ito ay isang organisado at sistematikong pamamaraan sa paghahanap ng katugunan sa mga katanungan.

Ang disenyong ito ng pananaliksik ay sistematiko, kontrolado, empirical at kritikal na pag-iimbestiga ng mga walang katiyakang pananaw na nauukol sa naiisip na ugnayan sa natural na penomena.

Naniniwala ang mananaliksik na ang disenyong ito ang pinakaangkop gamiti sapagkat mas madaling kumuha ng mga kinakailangang datos mula sa maraming bilang ng mga respondente.

## RESULTS AND DISCUSSION

**Talahanayan Blg. 1 Antas ng Paggamit ng Integrasyon sa pamamagitan ng Estratehiyang Thematic Teaching**

| MGA SALIK | Guro | | |
|---|---|---|---|
| | Mean | Berbal na Inter-pretasyon | Ranggo |
| 1. pagtukoy sa tema ng aralin na maaring kaugnay sa ibang asignatura/ disiplina | 3.50 | Palagi | 9.5 |
| 2. pagpapabatid sa mag-aaral ng layunin sa pagpa plano ng aralin | 3.66 | Palagi | 5.5 |
| 3. paghikayat sa aktibong pakikila-hok ng mag-aaral | 3.71 | Palagi | 1.5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| sa diskusyon | | | |
| 4. pagtiyak na akma ang tema ng pagtalakay sa kakayahan at antas ng mag-aaral | 3.58 | Palagi | 7.5 |
| 5. paggamit ng mga tanong na huhubog sa HOTS ng isang mag-aaral | 3.50 | Palagi | 9.5 |
| 6. pagtiyak na ang pagkatuto ay natural at hindi basta nagbibigay ng aktibidad sa mag-aaral | 3.68 | Palagi | 3.5 |
| 7. pagtiyak sa pagsasama ng mga tema na may kaugna-yan sa iba't ibang disiplina | 3.66 | Palagi | 5.5 |
| 8. pagbibigay ng oportunindad sa mag-aaral na mailapat ang pagkatuto sa iba't ibang sitwasyon | 3.71 | Palagi | 1.5 |
| 9. paghikayat sa mag-aaral na magbigay ng bagong ideya na kaugnay ng paksa | 3.68 | Palagi | 3.5 |
| 10. pagbibigay ng konklu-syon sa ginawang pagtalakay | 3.58 | Palagi | 7.5 |
| | **3.63** | **Palagi** | |

Inilahad sa Talahanayan Blg. 2.1 ang antas ng paggamit ng integrasyon sa pamamagitan ng estratehiyang thematic teaching sa pagtuturo ng Filipino.

Ayon sa mga guro na nagtuturo ng wika, palagiang ginagamit ang integrasyon sa pagtuturo gamit ang estratehiyang Thematic Teaching sa pamamagitan ng paghikayat sa aktibong pakikilahok ng mag-aaral sa diskusyon na may weighted mean na 3.711 at pagbibigay ng oportunindad sa mag-aaral na mailapat ang pagkatuto sa iba't ibang sitwasyon na may weighted mean na 3.71.

Makikita rin sa talahanayan ang pananaw ng mga instruktor/propesor kaugnay sa antas ng paggamit ng integrasyon sa estratehiyang Thematic Teaching sa pagtuturo ng Filipino na may weighted mean na 3.63 at may interpretasyong "Palagi".

Ipinahihiwatig ng resultang ito na sa kabila ng kanilang posisyon ay naniniwala ang pangkat ng mga tagatugon na may kabutihang dulot ang paggamit ng estratehiyang Thematic Teaching upang matiyak na

magkakaroon ng oportunidad ang mga mag-aaral na mailapat ang lahat ng kanilang natutunan sa anumang sitwasyon na kanilang kinakaharap.

Bagaman sinabi ni Escalante-Tan (2019), sa integrasyon, hinihingi ng mabisa at mabilis na pagtuturo ang paggamit ng mabubuting pamamaraan ng pagtuturo, nakasalalay sa mabuting pamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng guro. Walang isang paraan lamang na masasabing sadyang mabisa para sa lahat ng uri ng paksang aralin o isang pamamaraan kaya na angkop gamitin sa lahat ng pagkakataon. Kaya ang guro ang nagbabalak at nagpapasya sa pamamaraang kanyang gagamitin na angkop sa bunga ng pagkatuto na nais niyang makamtan ng mag-aaral, angkop sa sitwasyon, angkop sa kakayahan ng mag-aaral at gayon din sa uri ng paksang-aralin at asignaturang kanyang itinuturo.

**Talahanayan Blg. 2 Antas ng Paggamit ng Integrasyon sa pamamagitan ng Estratehiyang Content-Based sa Pagtuturo ng Filipino**

| MGA SALIK | Guro | | |
|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Berbal na Interpretasyon** | **Ranggo** |
| 1. Pagbibigay ng mabisang lunsaran gamit ang wikang Filipino | 3.21 | Madalas | 9 |
| 2. Paggamit ng tekstong akma sa ninanais na kompetensiya ng mag-aaral | 3.39 | Madalas | 7 |
| 3. Pagtitiyak ng may makukuhang impormasyon at detalye na makakatulong sa pang-unawa | 3.61 | Palagi | 1 |
| 4. Pag-oorganisa ng mga aktibidad na may kaugnayan sa balarila at/o retorika | 3.26 | Madalas | 8 |
| 5. Pagtiyak sa pagkakasunod-sunod ng mga konsepto sa materyal na ginagamit. | 3.42 | Palagi | 6.5 |
| 6. Pagtukoy sa mga mahahalagang detalye ng nilalaman ng akdang ginamit sa talakayan at hindi lamang sa wikang ginamit | 3.42 | Palagi | 6.5 |
| 7. Pagtiyak na magagamit ng mag-aaral ang kaniland dating kaalaman sa pagtalakay | 3.47 | Palagi | 4 |
| 8. Paggabay sa mga mag-aaral na matukoy ang iba't ibang kakayahan sa wika sa pamamagitan ng mga tekstong galing sa ibang disiplina/asigna tura. | 3.47 | Palagi | 4 |
| 9. Pagtiyak ng pagkatuto sa nilalaman ng akda at hindi lamang ang layunin ng aralin | 3.50 | Palagi | 2 |
| 10. Pagkaroon ng malalim na pang-unawa sa ginagawang pag | 3.47 | Palagi | 4 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| talakay ng konteksto ng akda at hindi lamang ang wikang ginamit. | | | |
| | **3.42** | **Palagi** | |

Sa Talahanayan Blg. 2, ipinakikita ang antas ng paggamit ng integrasyon sa pamamagitan ng estratehiyang content-based sa pagtuturo ng Filipino.

Ayon sa mga guro na nagtuturo ng wika, palagiang ginagamit ang integrasyon sa pagtuturo gamit ang estratehiyang Content-Based sa pamamagitan ng pagtitiyak ng may makukuhang impormasyon at detalye na makatutulong sa pang-unawa na may weighted mean na 3.61 para sa mga guro.

Makikita rin sa talahanayan ang pananaw ng mga guro kaugnay sa antas ng paggamit ng integrasyon sa estratehiyang Content-Based sa pagtuturo ng Filipino na may weighted mean na 3.42 at may interpretasyong "Palagi".

Kaugnay ng mga resultang ito, sinabi ni Saclauso (2015) na sa Pagkatutong Integrativ (Integrative Learning), binibigyang-diin dito ang integrasyon o pagsasanib ng paksang aralin sa pag- aaral ng wika. Ang paglalahad ng wika ay hinahango sa nilalaman o ng paksa. Taliwas ito sa nakagawiang pagtuturo na ang mga kasanayan sa wika ay itinuturo ang hiwalay at malayo sa konteksto ng paggagamitan nito. Nakapokus sa mag-aaral at integrasyon ng apat na kasanayan. Dito, ang guro ay tagapagdaloy lamang ng pagkatuto, ang mga mga-aaral ang nagsasagawa ng mga gawain.

**Talahanayan Blg. 3 Antas ng Paggamit ng Integrasyon sa pamamagitan ng Estratehiyang Focusing Inquiry sa Pagtuturo ng Filipino**

| MGA SALIK | Guro | | |
|---|---|---|---|
| | **Mean** | **Berbal na Interpretasyon** | **Ranggo** |
| 1. Paghahanda ng mabibisang katanungang hahamon sa pang-unawa ng mag-aaral | 3.58 | Palagi | 4.5 |
| 2. Pagbibigay ng mga katanungang maaaring sumagot sa Sino? Ano? Bakit? Kailan? Saan? Paano? | 3.58 | Palagi | 4.5 |
| 3. Pagbibigay ng oportunidad sa mag-aaral na magsagawa ng pananaliksik kaugnay ng paksang tinatalakay. | 3.55 | Palagi | 7.5 |
| 4. Pagbibigay ng oportunidad sa mag-aaral na makipagpalitan kuro-kuro o diskusyon sa iba. | 3.58 | Palagi | 4.5 |
| 5. Paggamit sa mga kaaalamang dati ng alam ng mag-aaral sa | 3.55 | Palagi | 7.5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| pagbubuo ng mga katanungan. | | | |
| 6. Pagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na magbigay ng sariling interpretasyon sa mga impormasyon nakalap | 3.63 | Palagi | 2 |
| 7. Pagtiyak na ang mga katanungang ginamit ay lilikha ng iba pang katanungan o mas malalim pang kuro-kuro | 3.50 | Palagi | 9 |
| 8. Pagbibigay ng iba pang aspektong kaugnay ng paksang tinatalakay | 3.47 | Palagi | 10 |
| 9. Paggabay sa mag-aaral na mapag-ugnay-ugnay ang mga pangyayari, opinyon o kuro-kuro sa talakayan | 3.58 | Palagi | 4.5 |
| 10. Pagbibigay ng oportunidad sa mag-aaral na makapagbigay ng paglalapat sa mga kontekstong natutunan. | 3.71 | Palagi | 1 |
| | **3.57** | **Palagi** | |

Ipinakikita sa talahanayan 3 ang resulta ng pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiyang Focusing Inquiry sa paggamit ng integrasyon sa pagtuturo ng Filipino, nabibigyan ng pagkakataon ang mag-aaral na mailapat ang mga kontekstong kanyang natutunan sa iba pang detalye ng aralin o kaya naman ay sa iba pang aspekto. Sa pamamagitan ng Focusing Inquiry, ang mag-aaral ay nagkakaroon ng oportunidad na maging mas mapanuri sa kanyang pakikipagpalitan ng impormasyon o diskusyon ayon na rin sa kontekstong kanyang naunawaan.

Ayon kay Guillermo (2016) ang Focusing Inquiry ay isang interdisiplinaryong pamamaraan ng integrasyon kung saan ang pag-aaral ay umiinog sa mga katanungan. Ang mga tanong ang pumupukaw (activate) ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay hindi nalilimitahan ng isang disiplina bagkus ito ay tumatawid of bumabagtas sa iba't-ibang disiplina upang bigyan ng linaw at kasagutan ang mga katanungan. Inoorganisa ang pag-aaral hindi ayon sa disiplina kundi sa pamamagitan ng pagsisiyasat ng kaalaman bilang tugon sa mga katanungan. Naisasagawa ang pagkatutong kabuuan o holistic learning.

Kaugnay nito, sinabi ni Ramos (2021) na sa panahon ngayon, isang napakalaking hamon sa mga guro kung paano ipauunawa sa mga mag-aaral ang saysay at gamit ng bawat paksang kanilang itinuturo, kung paano pupukawin ang kanilang atensyon at hihimuking ituon ang kanilang interes sa mga asignatura. Kinakailangang tiyakin ng guro kung paano maipababatid sa mag-aaral na

**Journal of Multidisciplinary in Education|ISSN 3082-5024/3082-5237**
**AARRC CONSCRIPTOR PUBLISHING CORP |** Volume 1 **|** Issue 3 AUGUST 2025



ang bawat leksyon na itinuturo ay magsisilbi nilang sandata sa mundong kanilang ginagalawan.

## Conclusion and Recommendation

Kaugnay ng mga resulta ng pananaliksik, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Ang mga guro na nagsilbing respondente ng pag-aaral ay may mga unit sa Masteral degree at major sa Filipino na bago pa lamang sa serbisyo sa loob ng 0-10 taon at walang nadaluhang pagsasanay tungkol sa integrasyon.
2. Ang pananaw ng mga guro ay ang palagiang paggamit ng integrasyon sa nmga estratehiyang thematic teaching, content-based at focusing inquiry sa pagtuturo sa Filipino.
3. Ang edukasyong naabot ng guro at ang kanilang karanasan sa pagtuturo ay may mahalagang kaugnayan ng kanilang paggamit ng integrasyon sa mga estratehiya na thematic teaching, content-based at focusing inquiry.
4. Ang mga suliranin sa paggamit ng integrasyon sa pagtuturo ay sa kadahilanang kulang sa kaalaman o kasanayan ang guro sa pag-aangkop ng paggamit ng integrasyon sa kanilang pagtuturo; kakulangan sa mga sanggunian o materyal na maaaring pagbatayan ng mga araling maaaring gamitan ng integrasyon at hindi angkop o tugma ang natapos na major ng guro sa asignaturang itinuturo.
5. Sa pagsusuri ng antas ng performans ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagtataya ang pagiging epektibo ng paggamit ng integrasyon sa mga estratehiya ng pagtuturo tulad ng thematic teaching, content-based at focusing inquiry batay sa puntos na nakuha ng mga mag-aaral. Gayundin naman, may malaking pagkakaiba ang ipinakitang kakayahan ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagtataya.

Batay sa konklusyon ng pananaliksik, ang mga sumusunod ang nabuong rekomendasyon para sa pag-aaral:

1. Magkaroon ng tuloy-tuloy na pagsasagawa ng capacity building para sa mga guro lalo na sa mga bago pa lamang sa serbisyo upang mapaunlad at mapalawig pa ang paglinang sa kanilang kakayahan sa pagtuturo lalo't higit sa paggamit ng integrasyon at sa iba't ibang estratehiya.

2. Magpatuloy ang paglinang sa mga diskursong makatutulong sa paglalapat ng mga estratehiyang naging tuon sa pag-aaral na ito sa pamamagitan ng mga pamatnubay na pagsasanay lalo ng mga tagapag-ugnay ng mga guro.
3. Malinang sa mag-aaral ang pagkakaroon ng kakayahan sa pag-uugnay ng paksang tinalakay sa iba pang asignatura sa pamamagitan ng paggamit ng ng integrasyon sa paglalapat ng mga estratehiya sa pagtuturo anumang ang disiplinang itinuturo.
4. Magkaroon ng mga programang interbasyon para sa mga mag-aaral na nangangailangan ng paggabay ng mga guro upang matiyak na makaabot ang kinakailangang kompetensiya ng mag-aaral para sa kanilang pagkatuto.
5. Mabatid ang implikasyon ng integrasyon sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto lalo na sa konseptwalisasyon ng banghay-aralin upang maiugnay ang isang paksang aralin sa iba pang disiplina lalo na ng mga gurong hindi major ang Filpino.
6. Magkaroon ng patuloy na pagsasagawa ng pagsasanay o workshop kaugnay ng integrasyon ng mga iba't ibang estratehiya sa pagtuturo upang tugunan ang kakulangan ng mga guro at matiyak na magiging sapat ang kanilang kaalaman upang higit na maging epektibo sa kanilang pagtuturo.
7. Magkaroon ng development program na nagbibigay-diin sa paggamit ng integrasyon sa pagtuturo gamit ang iba't ibang estratehiyan maliban sa mga nabanggit sa kasalukuyang pananaliksik. Ang panukalang development program ay isang serye ng pagsasanay sa loob ng isang taong panuruan kung saan ay tatalakay ang iimbitahang eksperto kaugnay ng iba't ibang paksa kaugnay ng integrasyon at estratehiya sa pagtuturo.

## References

Anoñuevo, R. T. (2016)Ang Filipino Bilang Disiplina: Sakop, Lawak, at Potensiya ng Pagtuturo ng Panitikan Kaugnay ng Bagong Kurikulum Bunsod ng K to 12. Katipunan, 1 (1).

Baldovi, J. (2019). Ang Mga Estratehiya Sapagtuturo Ng Wika At Angpamaraang Komunikatib Sapagtuturo Ng Wika. INilathala noong Marso 29, 2019 sa https://www.academia.edu/29292263/JHERRYL

Barrientes, A. N. M. (2015). Bisa ng Paggamit ng Aklat sa Malikhaing Pagsulat sa Ikapitong Grado. Letran-

---

Calamba Journal of Institutional Research and Development, 1 (2).

Barton, T. (2019). Integrated Curriculum: Changing The Future Of Teaching. Isinalin mula sa Integrated Curriculumwww.education.ne.gov › uploads › inilathala noong Disyembre 10, 2019.

Casuga, A. F. (2019). Makabagong Metodolohiya sa Pagtuturo ng Filipino. Papel ng Pananaliksik, University of the Philippines Diliman, Hinalaw mula sa https://www.coursehero.com/file/48236246/Makabagong-Metodolohiya-sa- pagtuturo-ngdocx/.

Domingo, N. P. (2017). Panimulang Pag-aaral ng Wikang Filipino sa UCLA: Kasalukuyang Lagay at Direksiyon. Hasaan, 4 (1).

Department of Education (2015). K to12 Basic Education Curriculum K to 12 Filipino Gabay Pangkurikulum, 2015.

Francisco, G. (2015). Ano ba ang kahalagahan ng pag-aaral ng wikang Filipino sa tersyarya? DLSU-Dasmarinas Newsette Official Word Press, Nobyembre 24, 2015.

Gannaban, M. F. E. (2012). Isang Pagsusuri sa Persepsyon sa at Aktwal na Kahusayang Pampagtuturo ng Guro. DALUMAT E-Journal 3 (1-2).

Miguel, T. A. (2018) Isang Malikhaing Pagtuturo ng WikaTungo sa Paglinang ngKasanayang Pangkomunikatibo: Mga Tunguhin at Estratehiya ni Dr. Leticia Cantal – Pagkalinawan. Hinalaw mula sa https://independent.academia.edu/trishaaltheamiguel.

Muhs, A. R. (2020). Drama Applied To Content-Based Instruction In Education. Graduate Student Theses, Dissertations, & Professional Papers. 11640.

Villanueva, V. (2013). Karatulastasan: Mungkahing Gamit/Paraan sa Pagtuturo at Pagkatuto Upang Alamin at Suriin ang Kakayahang Umunawa. DALUMAT E-Journal 4 (1-2).

Villanueva, V. M. (2016). Makabayang Pedagohiya sa Pagpapatupad ng OBTEC (OutcomesBased Curriculum) Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila. The Normal Lights, 10 (2) : 157 – 181.

Villanueva, V., Dy, J. L. at Oteyza, K. (2017). Lahok-Linang: Pagtataya sa mga Gawain ng Kapisanang Diwa at Panitk (KADIPAN) Taong Panuruan 2016-2017 Bilang Integratbong Lunsaran sa Paglinang ng mga Makrong-kasanayang Pangwika Tungo Pagpapataas ng Pakikilahok sa mga Gawaing Pang-organisasyon. Malay, 30 (1).

Zafra, G. S. (2016). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K- 12). Katipunan, 1 (1).